# "Isang Patotoo sa Katotohanan ng mga Kautusang Ito" (D at T 67:4)

Basahin ang Doktrina at mga Tipan 67:4–9 nang magkakasama, na inaalam kung paano tinugunan ng Panginoon ang mga pag-aalala ng mga elder tungkol sa mga paghahayag na natanggap ni Propetang Joseph Smith.

- Ayon sa talata 5, ano ang pinagtutuunan ng pansin ng mga elder? Paano nito naapektuhan ang paraan kung paano nila naunawaan ang mga paghahayag na natanggap ng Propeta?
- Ano ang paanyaya ng Panginoon na gawin ng mga elder?

Basahin ang sumusunod na pahayag mula sa kasaysayan ni Joseph Smith tungkol sa nangyari matapos tanggapin ni Joseph ang paghahayag na nakatala sa Doktrina at mga Tipan 67:

"Si [William] E. McLellin, bilang pinakamatalinong tao, sa sarili niyang palagay, na mas maraming alam ngunit kulang sa pang-unawa, ay nagsikap na sumulat ng kautusang katulad ng isa sa pinakamadali sa Panginoon, ngunit nabigo; napakabigat na responsibilidad ang magsulat sa pangalan ng Panginoon. Ang mga elder, at lahat ng naroon na nakasaksi sa walang kabuluhang pagtatangka ng isang tao na gayahin ang wika ni Jesucristo, ay pinanibago ang kanilang pananampalataya sa kabuuan ng ebanghelyo, at sa katotohanan ng mga kautusan at paghahayag na ibinigay ng Panginoon sa simbahan sa pamamagitan ko; at ang mga elder ay nagpakita ng kahandaang patotohanan ang katotohanan nito sa buong mundo" (Manuscript History of the Church, vol. A-1, p. 162, josephsmithpapers.org).

Isulat ang isa o higit pang katotohanan na matututuhan natin mula sa mga pangyayaring ito:____________________

- Paano makakatulong ang paniniwala sa mga katotohanang ito upang mas manampalataya tayo sa mga salita ng mga buhay na propeta?